**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4**
**DIAGNOSTIC/ACHIEVEMENT TEST**

Pangalan: ______________________________________ Iskor: ____________
Baitang: ________________________________________

Panuto. **Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa guhit bago ang bilang.**

_____ 1. Ito ay katulad ng telebisyon kung saan lumalabas sa pamamagitan ng display ang mga impormasyong nanggagaling sa computer.
A. Keyboard B. Monitor C. Mouse D. Printer

_____ 2. Ito ay isang makinang elektroniko na gumagamit ng digital signal sa pagpoproseso ng mga komplikadong problema sa matematika, paggawa ng mga pormal na dokumento o ulat, pagtatago ng datos o program upang mapadali ang gawain, at paglilibang.
A. Computer B. Printer C. Typewritter D. Scanner

_____ 3. Pagpasok sa computer laboratory, ang dapat kong gawin ay:
A. buksan ang computer, at maglaro ng online games C. kumain at uminom
B. tahimik na umupo sa upuang itinalaga para sa akin D. makipaglaro sa kaklase

_____ 4. May nagpapadala sa iyo ng hindi naaangkop na "online message," ano ang dapat mong gawin?
A. Balewalain na lamang ito.
B. Panatilihin itong isang lihim.
C. Tumu Gon at hilingin sa nagpadala sa iyo na huwag ka na niyang padalhan ng hindi naaangkop na mensahe.
D. Sabihin sa mga magulang upang alertuhin nila ang Internet Service Provider.

______ 5. Sa paggamit ng internet sa computer laboratory, alin sa mga ito ang dapat gawin?

A. Maaari kong i-check ang aking email sa anumang oras na naisin ko.
B. Maaari akong pumunta sa chat rooms o gamitin ang instant messaging para makipag-ugnayan sa aking mga kaibigan.
C. Maaari ko lamang gamitin ang internet at magpunta sa aprobado o mga pinayagang websites kung may pahintulot ng guro.
D. Maaari na akong maglaro ng mga online games

_____ 6. Kapag may humingi ng personal na impormasyon tulad ng mga numero ng telepono o address, dapat mong:

A. ibigay ang hinihinging impormasyon at magalang na gawin ito.
B. i-post ang impormasyon sa anumang pampublikong websites tulad ng Facebook, upang makita ninuman.
C. isulat sa isang piraso ng papel at patago itong iaabot sa humihingi
D. iwasang ibigay ang personal na impormasyon online, dahil hindi mo batid kung kanino ka nakikipagugnayan.

______ 7. Anong bahagi ng word processor ang karaniwang ginagamit upang baguhin ang laki ng font?
a. Page Layout b. Font Size c. Spell Check d. Save

______ 8. Ano a shortcut key para gawing bold ang teksto sa word processor?
a. Ctrl + B b. Ctrl + I c. Ctrl + U d. Ctrl + S

_____ 9. Ito ay isang serye ng mga instruksyon na kinakailangang gawin ng isang computer upang malutas ang isang maayos na tinukoy na problema.
A. Arrangement B. Algorithm C. Bloke D. Code

_____ 10. Ito ay karaniwang ipinapakita gamit ang simbolong bilog na may nakasulat na "Start " at "End".
A. Desisyon B. Proseso C. Input/Output D. Pagsisimula at Pagtatapos

_____ 11. Ito ay ginagamit upang masuportahan ang mga pananim na karaniwang gumagapang gaya ng ampalaya, sitaw, at bataw.
A. pagbabalag B. pagdadamo C. pagdidilig D. pagbubungkal

______ 12. Ang mga sumusunod ay mga yunit na panukat sa sistemang Ingles.alin ang hindi nabibilang sa pangkat?
A. kilometro B. pulgada C. talampakan D. Yarda

_____ 13. Ang dalawang sistemana ginagamit sa pagsusukat sa gawainpang-industriya ay:
A. Filipino at Amerikano B. Ingles at Metrik C. Metrik at Visaya D. Tsabakano at Tagalog

_____ 14. Ito ay isang pamamaraan sa pangangalaga sa damit kung saan naalis ang kumapit na dumi, pawis, alikabok o mantsa.

A.Pagkukula B. Paglalaba C..Pamamalantsa D. Pagtutupi

_____ 15. Araw ng Sabado, ikaw ang nakatalagang magwalis ng inyong sahig. Paano mo ang tamang pagwawalis upang hindi lumipad ang alikabok?

A. mabilisan B. dahan-dahan C. ipunin sa bawat sulok D. wala sa nabanggit

_____ 16. Nais mong sumunod sa batas sa tamang paghihiwalay ng basura sa inyong barangay, paano mo ito isasagawa?

A. Pagsasamahin ko lahat ang basura sa aming tahanan.
B. Hahayaan ko na nilalangaw ang sama-samang basura sa aming basurahan.
C. Ihihiwalay ko ang nabubulok sa hindi nabubulok na basura.
D. Wala akong gagawin dahil sagabal pa ito sa aking paglilinis.

_____ 17. Inutusan ka na linisin ang salamin ng inyong bintana. Alin sa mga sumusunod ang maaari mong gamitin?

A. diyaryo o newspaper B. eskoba C. basang bunot D. walis tambo

_____ 18. Nais ni Aling Cora na maglinis ng kanilang bakuran , Alin sa sumusunod ang maari niyang gamitin?

A. bunot B. walis tingting C. *mop* D. walis tambo

______19. Alin sa mga sumusunod ang maiiwasan kung tayo ay magtatanin ng puno at halaman sa paligid?

A. pagbaha B. pagguho ng lupa C. pagkasira ng kalikasan D. pagbaha at pagguho ng lupa

______ 20.Ang tatay ni Marcus ay mahilig magtanim. Siya ay nagdidisenyo ng mga halaman at punong ornamental sa hardin, bahay o paaralan. Ang tawag sa gawaing ito ay__.

A. Gardening B. intercropping C. landscaping D. marcotting

______ 21. Nagtanim si Mang Jose ng mga puno at halamang ornamental sa gilid ng kalsada, kung kaya't nawala ang naiipong tubig sa daanan. Anong kapakinabangan ang dulot nito?

A. Nakapagpipigil ng pagbaha. . B. Nakapagpapaganda ng kapaligiran.
C. Nakapagbibigay ng hanapbuhay D. Nagbibigay ng kasiyahan sa pamilya.

_____ 22. . Panahon na para anihin/pitasin ang mga bulaklak ng rosas na iyong itinanim sa inyong bakuran. Plano mong ipagbili ang mga ito. Narito ang wastong hakbang na iyong gagawin sa maayos na pag-aani ng iyong halaman. Isaayos ang pagkakasunod-sunod nito. Piliin ang titik ng tamang sagot.

***a. Ilagay ang mga halaman sa timba na may malinis na tubig.***
***b. Tanggalin ang mga tuyong dahon.***
***c. Pitasin ang mga halamang ornamental.***
***d. Itali ang mga naaning halaman.***
***e. Ilagay ang mga halaman sa malilim na lugar.***

A. c-b-d-a-e B. a-b-c-d-e
C. e-a-b-c-d D. d-e-a-c-b

______ 23.Ito ay isang software na tumutulong sa paglikha ng mga tekstuwal na dokumento, pag-edit at pag-imbak ng mga electronic files sa computer files system.

A. Dekstop Publishing Application B. Graphic Design Application
C. Electronic Spreadsheet Application D. Word processing Application

_____ 24. . Ang mga sumusunod *na* yunit ay panukat sa sistemang ingles **MALIBAN** sa isa.

A. kilometro B. pulgada C. talampakan D. Yarda

_____ 25. Si Azor ay karpintero sa Caloocan. Bibili siya ng kahoy upang gamitin sa bahay na kanyang gagawin. May dalawang (2) gradasyon sa magkabilang tabi, ang isa ay nasa pulgada at ang isa naman ay nasa milimetro. Alin kaya ang angkop na panukat ang nababagay gamitin?

A. *Push-Pule Rule* B. Protraktor C. 30° x 60° *Triangle* D. *T-Square*

_____ 26. Alin sa mga sumusunod ang pinakasimpleng uri ng pagleletra?

*Gothic* B. *Roman* C. *Script* D. Text

____ 27. Ito a nagpapakita ng tatlong tanawin o *views* sa iisang drawing.

A. Iskala B. Isometric C. Ortographic D. Lahat ng nabanggit

_____ 28. Bakit dapat agkaroon ng disenyo ang alinmang proyekto?

A. Upang maging gabay sa gumagawa B. dahil ito ay utos ng guro
C.para matibay tingnan D. para mukhang mamahalin ang proyekto

______ 29. Ito ay dekuryenteng kasangkapan na ginagamit bilang pandikit gamit ang glue stick

A. Elmers glue B. soldering iron C. Glue gun D. rugby

______ 30. Balak mong gumawa ng lagayan ng lapis o *pencil holder*. Anong materyales ang *maaari mong* gagamitin?

A. balat ng biskwit C. lumang damit
B. balat ng kendi D. patapong lata

______ 31.Ang iyong nakababatang kapatid na babae ay may laruang manika. Gusto niyang gumawa ng damit para rito. Anong materyales ang maaaring niyang gamitin?

A. bote B. kahoy C. lata D. lumang damit

______ 32. Ito ay consumables na tumutulong upang matanggal ang anumang mantsa sa labahin

A. fabric conditioner b. bleach c. sabon d. eskoba

_____ 33. Ito ay isang uri ng *malware* na umaatake upang makuha ang mga mahalagang impormasyon sa pamamagitan ng napindot sa *keyboard*

A. *Adware* *C. Keyloggers*
*B. Dialers* *D. Spyware*

____ 34. Upang maging ligtas sa paggamit ng computer, ano ang hindi mo dapat gawin?

A. Gamitin lamang ang mga ligtas na search engine sa internet.
B.. Iwasang maglathala, mamigay o mamahagi ng personal na impormasyon tungkol sa iyo
C.. Makipagchat kahit kanino kapag ikaw ay online
D. Siguraduhing nakalog-out sa lahat ng site na iyong pinuntahan bago i-shutdown ang computer

____ 35.Ano ang dapat gawin sa mga bagong labang damit ?

A. Tupiin nang maayos at ilagay sa tamang lalagyan. C. Hayaan itong nakasabit sa hanger.
B. Tupiin at ilagay sa upuan. D. Ilagay sa kahon at huwag nang tupiin.

____36. Namantsahan ng kalawang ang suot mong uniporme. Ano ang gagawin mo bilang pantaggal dito?

A. Buhusan ng tubig C. Sabunin
B. Pabayaan na lamang D. Pigaan ng kalamansi at *bleach*.

____ 37. Nakita mo na pinagsasama sama ng iyong kapatid ang lahat ng basura sa inyong tahanan. Ayon sa inyong napag-aralan dapat ito ay magkakahiwalay. Paano mo itatama ang maling ginagawa ng iyong kapatid?

A. Pagagalitan ko siya dahil mali ang ginagawa niya.
B. Tutulungan ko siya sa tamang paghiwa-hiwalay ng basura.
C. Sasabihin ko na tama ang kanyang ginagawa.
D. Hahayaan ko na gawin ito ng aking kapatid dahil wala namang nakakakita.

____ 38. Nagsasalita ang kapatid mo habang puno ng pagkain ang kanyang bibig. Bilangnakatatandang kapatid, paano mo itatama ang maling gawi ng iyong kapatid?

A. Patitigilin ko siya sa kanyang pagkain. C. Pagagalitan ko siya.
B. Hindi ko siya papakainin sa mesa. D. Sasabihan ko siya na huwag magsalita habang puno ang bibig dahil ito ay hindi magandang asal

____39. Ito ay pinakamadaling pamamaraan ng pagpaparami ng tanim. Pinuputol ang sanga, pinauugat at itinatanim. Ginagamit din ang dahon at ugat ang artipisyal na pamamaraan nito.

A. Pasanga o cutting B. Grafting C.Inarching D. Marcotting

_____ 40. Paano ang tamang pagkakasunod-sunod ng paghuhugas ng gamit sa pinagkainan.?

I. plato
II. sandok at siyansi
III. baso
IV. kaldero at kaserola
V. kubyertos

A. I, II, III, IV, V     B. V, III, II, I, IV     C .II, V, III, IV, I     D. III, V, I, II, IV